



**LAUDATO SI'
MOVEMENT**
Catholics for Our Common Home

Gabay Sa Sustainable Insurance

Para Sa Mga Unibersidad



Index

PAGPAPAKILALA.....	3
TINGNAN.....	4
Mga Tanong sa Pagninilay.....	6
UNAWAIN.....	7
Mga Tanong sa Pagninilay.....	9
KUMILOS.....	9
Magtatag ng isang komite.....	10
Suriin ang iyong kasalukuyang mga patakaran sa insurance.....	10
Piliin kung aling insurance ang babaguhin.....	10
Hanapin ang tamang insurer.....	11
Gumawa ng pangwakas na desisyon.....	12
Magdiwang.....	12
Subaybayan sa pangmatagalan.....	12
MGA KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN.....	13

PAGPAPAKILALA

***"Hindi maiibsan ang kulturang ecological sa isang serye ng mga kagyat at bahagyang pagtugon sa mga agarang problema sa polusyon, pagkasira ng kalikasan at pagkaubos ng likas na yaman. Kailangang magkaroon ng ibang paraan ng pagtingin sa mga bagay, paraan ng pag-iisip, mga patakaran, programang pang-edukasyon, pamumuhay at espirituwalidad na magkakasamang bumubuo ng paglaban sa pag-atake ng teknokratikong paradigm."* (Laudato Si', 111)**

Malinaw na sinasabi sa atin ng *Laudato Si'* na ang kasalukuyang modelo ng ekonomiya ay dapat magbago. Upang mas mapangalagaan ang nilikha at ang isa't isa at upang umangkop sa mga katotohanan ng buhay sa isang nagbabagong planeta, kailangan ng mga bagong modelo.

Plataporma ng mga Gawain ng Laudato Si' na yakapin ang modelo ng Ecological na Ekonomiya, isang Layunin ng Laudato Si'. Isa sa mga paraan kung saan maaaring yakapin ng iyong Unibersidad ang Ecological na Ekonomiya ay piliin ang isang pangmatagalang insurer.

Tutulungan ka ng gabay na ito na tuklasin kung paano maaaring gawin ng iyong Unibersidad ang paglipat sa isang pangmatagalang insurer. Ang gabay ay binubuo ng tatlong seksiyon:

1. **Tingnan**
2. **Maunawaan**
3. **Kumilos**

Tutulungan ka ng unang seksiyon na maunawaan ang pangmatagalang insurance. Tutulungan ka ng pangalawang seksiyon na malaman kung ang iyong mga kasalukuyang insurer ay naaayon sa iyong mga paniniwala. Sa huli, tutulungan ka ng ikatlong seksiyon na kumilos.

Nagsisimula pa lamang na magpakita ng mga potensiyal sa hinaharap ang mga inaalok na pangmatagalang insurance at nasa pag-unlad pa rin. Dapat isaalang-alang ng mga may-ari ng asset ang mga balakid na maaari nilang kaharapin sa paghahanap ng pangkabuoang mga serbisyong tumutugon sa mga kwalipikasyon ng sustainability. Gayunpaman, ang aktibong pakikilahok at pangangailangan sa mga naturang serbisyo mula sa mga may-ari

ng asset ay mag-aambag sa pagpapaunlad ng mga magagamit na opsyon sa buong industriya ng insurance.

Mahalagang tandaan na ang gabay na ito ay para sa mga layuning pang-edukasyon lamang. Ito ay hindi bumubuo o naglalayong bumuo ng payo sa pamumuhunan o anumang serbisyo sa pamumuhunan at hindi isang kapalit para sa propesyonal na payo sa pamumuhunan. Ang Laudato Si' Movement at ang mga kasosyo, miyembro, at kapanalig nito ay hindi nag-eendorso o nagrerekomenda ng anumang partikular na produkto sa pamumuhunan at walang pananagutan sa mga aksyong ginawa ng mga mamumuhunan. Ang lahat ng pamumuhunan ay may kaakibat na panganib, at dapat kang kumonsulta sa isang naaangkop na propesyonal para sa partikular na payo na nababagay sa iyong partikular na mga pangangailangan at/o i-verify ang katumpakan ng impormasyong ibinigay dito bago gumawa ng desisyon sa pamumuhunan.

TINGNAN

“Hikayatin ang pribadong sektor at iba pang mga gumaganap na walang kaugnayan sa estado na lumipat tungo sa mas pangmatagalang ecological na ekonomiya.” (Paglalakbay tungo sa Pangangalaga sa Ating Karaniwang Tahanan, Holy See Interdicasterial Working Group on Integral Ecology, 2019)

Ang pangunahing layunin ng industriya ng insurance ay maunawaan at pangasiwaan ang panganib. Ang planetary emergency o ang mga nangyayari sa mundo na nangangailangan ng kagyat na pagkilos ay higit na nagpahirap sa gawaing iyon. Ang mga pisikal na pagbabago sa ating planeta ay humahantong sa pang-araw-araw na buhay na walang katiyakan. Narito ang ilang mga halimbawa.

- Ang pagbabago sa mga pattern ng ulan ay maaaring magdala ng dilubyo sa mga komunidad o wasakin ang mga sakahan.

- Maaaring bahain ang mga tahanan at negosyong dati'y hindi nakararanas ng pagbaha dahil sa malalakas na bagyo.
- Ang mas mainit at mas maruming hangin ay maaaring humantong sa pagtaas ng antas ng sakit sa baga.
- Ang pagkawala ng biodiversity ay maaaring humantong sa hindi matagumpay na pagtanim at pagkalat ng zoonotic na karamdaman— mga impeksiyong kumakalat sa pagitan ng mga tao at hayop.

Natuklasan sa isang pag-aaral na ang mga insured na pinsala mula sa mga natural na kalamidad noong 2018 [ay umabot sa](#) USD 76 bilyon. Ito ay mga insured na pinsala lamang, na may higit pang pinsalang hindi sakop ng insurance. *(Ang pag-aaral ay nasa Ingles lamang)*

Ang karamihan sa mga pinsalang iyon ay hindi mula sa mahusay na pag-aaral sa "pangunahing" mga panganib tulad ng mga lindol o tropikal na bagyo, kundi sa pangitain ng mga siyentipiko sa mga panganib na magiging mas madalas habang umiinit ang ating planeta, tulad ng mga baha, pagguho ng lupa, tagtuyot, at pag-ulan na bumubuo ng bagyo.

Bilang isang Unibersidad, dapat mapagkakatiwalaan niyong ang inyong mga insurer ay isinasaalang-alang ang mga bagay na walang katiyakan sa isang nagbabagong planeta habang ipinapaalam din ang anumang mga pagbabago sa panganib.

Dapat ang inyong mga insurer ay mapagkakatiwalaan niyong hindi nagbibigay ng saklaw na insurance para sa mga industriya na nag-aambag sa planetary emergency.

Bagama't napabuti ng mga industriya tulad ng paggalugad, pagkuha, at produksyon ng fossil fuel ang ilang pamantayan ng pamumuhay at pinagana ang nakaraang paglago ng mga ekonomiya, alam na natin ngayon na nagdudulot din sila ng matinding pinsala sa ating mga kapatid. Napakahalaga na gumawa tayo ng mabilis at makatarungang paglipat sa mas pangmatagalang mapagkukunan ng enerhiya.

Sa kasamaang palad, ang industriya ng insurance ay kumikita sa likod ng kakayahan ng mga industriyang ito na patuloy na lumago. Ang pagtatayo ng imprastraktura tulad ng mga bagong coal-fired power plant at bagong gas pipeline ay nangangailangan ng insurance. Ang mga kompanyang nagtatayo ng imprastraktura na ito ay nangangailangan ng insurance upang makakuha ng mga pautang at permit. Kung walang insurance, hindi sila makakagawa, at ang mga fossil fuel ay mananatili sa lupa.

Sa kabaligtaran, ang mga insurer na nagbibigay ng saklaw sa mga industriyang ito ay nagpapahintulot sa mga negosyong ito na saklawin ang kanilang sariling mga personal na panganib habang kapansin-pansing pinatataas ang panganib sa pandaigdigang pagkasira ng kalikasan.

Dapat mapagkakatiwalaan niyong ang inyong insurer ay hindi aktibong nag-aambag sa planetary emergency.

Ang isang paraan para kumita ng pera ang mga insurer ay sa pamamagitan ng pag-iinvest ng mga kabayaranang binibigay natin sa kanila. Kapag nagbabayad ka ng isang insurance premium, malamang nagtatabi ng ilang bahagi ang insurer bilang reserba at pagkatapos ay pinamumuhunan ang natitira. Pinipili ng insurer kung saan mamumuhunan.

Kung pipiliin ng inyong insurer na mamuhunan sa mga industriya na nagpapalala sa krisis ng planeta, tulad ng pansamantalang benepisyo sa pagmimina, pagtotroso, o mga negosyo ng fossil fuel, maaaring hindi nito pinagsisilbihan ang inyong mga paniniwala bilang isang Unibersidad. Sa kabaligtaran, kung ang inyong insurer ay namumuhunan sa mga industriya na nagpoprotekta sa nilikha, tulad ng renewable energy, water conservation, o sustainable agriculture, marahil ay nagsisilbi ito sa inyong mga paniniwala bilang isang Unibersidad habang pinagagaan din ang panganib sa buong mundo.

Ang pagpili ng kompanya ng insurance na parehong nagpoprotekta sa inyo mula sa panganib at sumusuporta sa mga gawaing nakaayon sa Catholic Social Teaching ay isang mahalagang paraan para tanggapin ang Ecological na Ekonomiya, isa sa mga Layunin ng Laudato Si'.

Mga Tanong sa Pagninilay

- Paano nakatuon ang iyong Unibersidad sa pagsunod sa Catholic Social Teaching? Mayroon bang anumang mga pahayag ng Pangulo o Lupon, Taunang ulat, o iba pang mga dokumento na tahasang nagbibigay ng inyong pangako sa Catholic Social Teaching?
- Anong matitinding kaganapan sa lagay ng panahon (tulad ng mga hindi pangkaraniwang baha, tagtuyot, heatwave, o bagyo) o mga kaganapan sa kalusugan (tulad ng pagkalat ng Lyme disease at West Nile virus o pagtaas ng hika at pana-panahong allergy) ang narinig mo sa nakalipas na ilang taon? Paano maaapektuhan ng mga palatandaang ito ng mga pagbabago sa ating planeta ang inyong pag-iisip tungkol sa mga potensiyal na panganib sa Unibersidad?
- Paano nauugnay ang indibidwal mong pagpili ng isang insurer sa magkakabahaging pangangailangan na matugunan ang pangmundong krisis?
- Paanong ang paglipat sa isang pangmatagalang insurer ay makapanghihikayat sa mga miyembro ng Unibersidad na ito'y nagmamalasakit sa lahat ng nilikha, lalo na sa mga kabataan at pinakamahina?

UNAWAIN

Mayroong isang kilusan sa loob ng industriya ng insurance para kilalanin at pagaanin ang mga panganib sa ating pangmundong krisis. Bagama't walang natatanging kahulugan ang sustainable insurance, ang United Nations ay bumuo ng apat na [prinsipyo](#) para sa sustainable insurance:

- Isama ang mga isyung pangkalikasan, panlipunan at pamamahala sa mga proseso ng paggawa ng desisyon.
- Makipagtulungan sa mga kliyente at kasosyo sa negosyo upang itaas ang kamalayan sa mga isyung pangkalikasan, panlipunan at pamamahala, pangasiwaan ang panganib, at bumuo ng mga solusyon.
- Makipagtulungan sa mga regulator at iba pang stakeholder upang isulong ang malawakang pagkilos.
- Magpakita ng pananagutan at transparency sa pamamagitan ng regular na paglalahad ng progreso.

Ito ay mga pangkalahatang prinsipyo, at ipinapatupad ng mga insurer ang mga ito sa iba't ibang paraan.

- Nililimitahan ng ilang insurer ang kanilang coverage sa fossil fuel extraction pati na rin ang kanilang pamumuhunan sa mga proyekto ng fossil fuel. Narito ang isang database na nagpapakita kung kumikilos ang pinakamalaking insurer [dito](#) (*available lang sa Ingles*).
- Ang ilang mga insurer ay tumutugon sa mga hamon sa klima, biodiversity at karapatang pantao sa pamamagitan ng pagbabago sa kung paano sila nagnenegosyo. Ang isang ulat na sumusuri sa kanila ay [nandito](#) (*available lang sa Ingles*).
- Tinutulungan ng ilang insurer ang mga customer na isaayos ang mga panganib sa pagbabago ng klima at tanggapin ang mas pangmatagalang mga pamamaraan, tulad ng pagmamaneho ng mga sasakyang mababa ang emisyon. Ang isang database ng mga produkto ng insurance ay [nandito](#) (*available lang sa Ingles*). Bagama't ang database na ito ay pinamamahalaan ng estado ng California sa U.S., ang mga insurer ay matatagpuan sa buong mundo.
- Maraming insurer ang [nakatuon](#) sa mga prinsipyo ng pangmatagalang insurance ng UN at/o [nakatuon](#) sa pagiging net-zero pagsapit ng 2050 (*magagamit lamang ang mga listahan sa Ingles*).

Ang isang isyung dapat malaman ay ang "greenwashing." Maaaring sabihin ng ilang mga insurer na sila ay kumikilos nang matibay dahil mayroon silang mga planong pangkalikasan, panlipunan, at pamamahala ("ESG"), o dahil nagpapakatabo sila ng mga pangmatagalang opisina.

Bagama't tiyak na mabuti ang mga nagawang ito, malamang na mababalewala ang mga ito ng mga desisyon ng insurer tungkol sa kung ano ang ii-insure at kung ano ang ipupuhunan.

Para malaman kung sustainable ang iyong insurer, humingi ng meeting sa isang manager o ESG officer. Maaari mong isaalang-alang ang mga tanong na ito, at huwag mag-atubiling magsama ng mga karagdagang tanong tungkol sa anumang mga patakarang mahalaga sa iyo:

- Ang insurer ba ay may anumang pamantayang pangkalikasan, panlipunan, o pamamahala para sa kung ano ang ini-insure nito? Mayroon ba itong pamantayan sa mga pamumuhunang ginagawa nito?
- Mayroon bang nakasulat na ulat ang insurer kung paano natugunan ang mga pamantayang iyon sa mga nakaraang taon?
- Ang insurer ba ay nag-iinsure o namumuhunan sa paggalugad, pagkuha, pagproseso, pagsasala, o pamamahagi ng fossil fuel?
- Paano pinananagutan ng insurer ang mga nagbabagong panganib sa kinaroroonan ng Unibersidad, kasama na ang kasalukuyan o inaasahang pagbabago sa mga pattern ng panahon at kaakibat nitong mga panganib, tulad ng epekto nito sa ari-arian at kalusugan? Paano ito nakikipagtulungan sa mga kliyente nito upang maghanda para sa mga panganib na iyon?
- Sumali ba ang insurer sa mga grupo tulad ng mga lumagda sa Principles for Sustainable Insurance, sa Net Zero Insurance Alliance, o sa Net Zero Asset Owner Alliance? Kung gayon, paano gumawa ng mga hakbang ang kompanya upang matugunan ang mga obligasyon nito sa ilalim ng mga pananagutang iyon?
- Mahalaga ba sa iyong Unibersidad na pumili ng isang insurer na may mga panloob na patakaran at makatarungang pamamaraan, tapat, at transparent?

Lahat tayo ay tinawag upang tumugon sa katotohanan ng buhay sa isang nagbabagong planeta. Ang mga palatandaan ng panahon ay nagmumungkahi na ang iyong Unibersidad ay maaaring nagnanais na lumipat patungo sa isang mas ecological na sistema ng ekonomiya sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa isang insurer na kapareho ng inyong mga paniniwala. Ang pag-unawa kung at paano ka tinawag na kumilos ay ang gawaing nasa harap mo ngayon.

Mga Tanong sa Pagninilay

- Aling mga insurer ang nagbibigay ng insurance sa Unibersidad?
- Paano tayo inihahanda ng ating mga insurer sa anumang higit na panganib na maaari nating maranasan bilang resulta ng pagbabago ng klima?
- Paano ginagamit ng ating mga insurer ang pamantayang pangkalikasan, panlipunan, o pamamahala upang gumawa ng mga desisyon tungkol sa kanilang saklaw at pamumuhunan?
- Napupunan ba ng ating insurer ang ating mga pangangailangan at naaayon sa ating mga paniniwala?
- Gusto ba nating magpatuloy sa paglipat sa pangmatagalang insurance?

KUMILOS

"Ang kalikasan ay hindi maaaring ituring na isang bagay na hiwalay sa ating sarili o bilang isang kapaligiran lamang kung saan tayo nakatira. Bahagi tayo ng kalikasan, kasama rito at sa gayon ay patuloy na nakikipag-ugnayan dito." (Laudato Si', 139)

Kung ang iyong Unibersidad ay nagdesisyonang lumipat sa isang pangmatagalang bangko, dapat itong kumilos. Ang mga hakbang na ito ay iminumungkahi bilang paraan upang magpatuloy sa proseso.

1. **Magtatag ng isang komite**
2. **Suriin ang iyong kasalukuyang mga patakaran sa insurance**
3. **Piliin kung aling insurance ang babaguhin**
4. **Hanapin ang tamang insurer**
5. **Gumawa ng pangwakas na desisyon**

6. Magdiwang

7. Subaybayan sa pangmatagalan

Magtatag ng isang komite

Ang isang komite ay maaaring magbigay ng mga pananaw at tumulong na ibahagi ang gawain ng paglipat sa pangmatagalang insurance.

Para gumawa ng inyong komite, kilalanin ang (mga) lider sa inyong Unibersidad na nag-aambag sa pinansyal, legal, at nangangasiwa sa mga desisyon. Dahil mahalaga ang insurance sa pangmatagalang kapakanan ng Unibersidad, mahalagang tiyakin na kasali ang lahat ng pangunahing tagagawa ng desisyon.

Mahalaga na rin na isali ang mga lider na nag-aambag sa mga desisyon tungkol sa kung paano kikilos ang Unibersidad sa mga prinsipyo nito. Maaaring magandang pagpipilian ang Opisina ng Pagpapanatili, mga komite ng pamumuhunan, pinansyal, administratibo o opisina ng tesorero, lupon ng mga mag-aaral, miyembro ng Ekonomiya ng Paaralan, opisina ng pagpapaunlad, at lupon ng mga katiwala.

Suriin ang iyong kasalukuyang mga patakaran sa insurance

Gumawa ng simple, komprehensibong lagom ng inyong mga tagapagbigay ng insurance at kung ano ang saklaw ng mga ito. Siguraduhin kung mayroon kayong mga kontrata sa alinman sa mga insurer na ito at, kung gayon, kailan mapapaso ang mga ito. Ang pagsasama-sama ng impormasyong ito ay makakatulong sa iyong paggawa ng desisyon.

Bilang karagdagan, maaari mong isaalang-alang kung makatuwiran ba ang pagdaragdag ng anumang mga bagong saklaw na kategorya. Halimbawa, ang insurance sa sakuna ay maaaring makatulong na masaklaw ang mga panganib mula sa mga sakunang nauugnay sa panahon, ang green building insurance ay maaaring makatulong sa pagsaklaw sa mga pangmatagalang materyales at teknolohiya, at ang green energy insurance ay maaaring sumaklaw sa mga panganib na nauugnay sa paglipat sa renewable energy.

Piliin kung aling insurance ang babaguhin

Maaaring may iba't ibang insurer ang iyong Unibersidad para sa iba't ibang pangangailangan. Halimbawa, ang iyong pangkalusugang insurance, insurance sa ari-arian, at auto insurance ay maaaring saklawin sa pamamagitan ng iba't ibang mga insurer.

Habang isinasaalang-alang mo ang paglipat sa isang pangmatagalang insurer, magpasya kung gusto mong baguhin ang lahat o isa. Kung isa lang ang kaya sa ngayon, bumuo ng ilang pamantayan para sa paggawa ng desisyong iyon. Halimbawa, maaari kang pumili batay sa kung aling insurance ang tumatanggap ng pinakamalaking bahagi ng iyong badyet, na mayroong pinakamalaking epekto, o maaaring tumuon ka sa insurance na pinakamadaling baguhin.

Hanapin ang tamang insurer

Gumawa ng listahan ng mga insurer na nag-aalok ng uri ng coverage na kailangan mo sa pamamagitan ng paghahanap sa Internet ng "sustainable insurance" o katulad nito.

Mag-email o tumawag sa mga insurer na iyon para matuto pa tungkol sa kanila. Maaari mong gamitin ang checklist na ito upang lumikha ng mga profile ng mga insurer para sa madaling paghahambing:

- ☐ Natutugunan ba ng insurer ang anumang minimum na pangangailangang itinakda ng iyong Unibersidad o munisipalidad? Bilang mga halimbawa, maaaring kabilang dito ang pagiging lisensyado sa lugar, pagtugon sa isang minimum na rating sa katatagan na sinusukat ng mga nagsasariling ahensya, o pagkakaroon ng tiyak na laki.
- ☐ Ano ang pangkalahatang reputasyon ng insurer? Mayroon ba itong mahusay na mga patotoo sa serbisyo mula sa customer? Ito ba ay matatag sa pananalapi?
- ☐ Nagbibigay ba ito ng saklaw ng insurance na kailangan mo? Hanggang saan ang saklaw nito sa mga panganib? Mayroon bang mga puwang sa saklaw nito?
- ☐ Ano ang halaga ng insurance?
- ☐ Nag-aalok ba ang insurer ng transparent na datos ukol sa pagganap nito sa sustainability?
- ☐ Nilimitahan ba ng insurer ang insurance nito sa mga aktibidad na pumipinsala sa nilikha at kapakanan ng tao? Kabilang sa mga halimbawa ang paggalugad, pagkuha, produksyon, at pamamahagi ng fossil fuel, pagmimina sa bundok, o monoculture agribusiness.
- ☐ Nilimitahan ba ng insurer ang mga pamumuhunan nito sa mga aktibidad na pumipinsala sa nilikha at kapakanan ng tao?
- ☐ Nasuri ba ng insurer ang pagbabago ng mga panganib na nauugnay sa pagbabago ng klima at pagkawala ng biodiversity? Pinayuhan ba nito ang mga kliyente nito tungkol sa mga panganib na iyon?

- ☐ Nag-aalok ba ang insurer ng anumang espesyal na produkto ng insurance para sa mga bagay na maaari mong gawin upang mabawasan ang epekto sa kalikasan, tulad ng pagbili ng mga de-kuriyenteng sasakyan o pag-install ng mga solar panel? Paano naman sa mga produktong maaari mong gamitin upang umangkop sa nagbabagong katotohanan sa iyong lugar, tulad ng pag-install ng mga sump pump o retrofitting ng mga bubong?

Ihambing ang mga insurer at piliin ang kompanyang pinaka-angkop sa iyong mga pangangailangan.

Gumawa ng pangwakas na desisyon

Sa karaniwang proseso, gagawa ang komite ng pormal na rekomendasyon sa opisina ng pinansyal o tagapangasiwa. Patutunayan ng lupong ng katiwala ang panukala, pag-aaralan ang konseho ng administrasyon at ibibigay ang panukala sa opisina ng ehukutibo, at ang Pangulo ang magbibigay ng pangwakas na awtorisasyon.

Magdiwang

Ang desisyon ay dapat ipagdiwang sa pamamagitan ng mga paraan sa pakikipag-ugnayan ng Unibersidad at kasama sa Laudato Si' Plan ng Unibersidad sa [Plataporma ng mga Gawain ng Laudato Si](#).

Maaaring naisin ng Unibersidad na magplano ng aktibidad para isama ang mga estudyante, mga guro, at empleyado sa ekolohikal na ekonomiya.

Subaybayan sa pangmatagalan

Kung maaari, dapat repasuhin ng komite ang pananagutan ng insurer sa sustainability sa mahahalagang sandali, gaya ng taunang pagsusuri sa Laudato Si' Plan ng Unibersidad.

Kung ang insurer ay nag-publish ng mga ulat kung paano nito pinoprotektahan ang ating karaniwang tahanan, dapat ibahagi ng komite ang mga ito sa opisina ng komunikasyon ng Unibersidad, na maaaring naisin namang mag-publish ng mga update tungkol sa pangkalahatang pagsisikap ng Unibersidad sa ekolohikal na ekonomiya.

MGA KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN

Ang [The Dicastery for Promoting Integral Human Development](#) ay nag-aalok ng mayaman at malalimang gabay at pagtuturo sa integral ecology, kabilang ang impormasyon tungkol sa [Laudato Si'](#).

Ang [Plataporma ng mga Gawain ng Laudato Si](#) ay nag-aalok ng aklatan ng inspirasyon sa [Mga Plano ng Laudato Si'](#) at personalized na mga tool sa [lumikha ng iyong sariling plano at kumilos](#).

